

Language: TAGALOG

Paunawa Tungkol sa Kawalan ng Diskriminasyon

Ang Departamento ng Edukasyon sa Estado ng Hawaii o Hawaii State Department of Education (“HSDOE”) ay di gumagawa ng diskriminasyon batay sa lahi, kasarian, edad, kulay ng kutis, bansang pinanggalingan, relihiyon, o kapansanan. Sakop ng panuntunang ito ang lahat na programa at gawain ng HSDOE, kasama nito ang pagtanggap ng mga empleyado at estudyante, kung nararapat.

Hindi pinahihintulutan ng HSDOE ang anumang retalyasyon sa mga nagsusumbong tungkol sa diskriminasyon, at gagawin nito ang lahat upang mabigyan ng proteksyon ang mga gustong magsumbong. Anumang katanungan tungkol sa diskriminasyon ay maaaring idulog sa Civil Rights Compliance Office ng HSDOE o sa Office for Civil Rights ng Departamento ng Edukasyon ng Estados Unidos, sa loob ng 180 araw mula sa petsa na naganap ang nasabing diskriminasyon.

Pahayag Tungkol sa Laban Kontra Panliligalig

Hindi pinahihintulutan ng HSDOE ang anumang uri ng panliligalig o pananakot batay sa lahi, kasarian, kulay ng kutis, bansang pinanggalingan, relihiyon, o kapansanan. Hinihikayat na magsumbong ang sinumang estudyante na naniniwala na siya ay nililigalig o ginagawan ng intimidasyon batay sa lahi, kasarian, kulay ng kutis, bansang pinanggalingan, relihiyon, o kapansanan.

- Maaaring ireport ng mga estudyante at mga magulang ang panliligalig o pananakot ng sinumang empleyado sa Civil Rights Compliance Office ng HSDOE sa adres na nakalista sa baba, sa loob ng 180 araw mula sa petsa na naganap ang nasabing panliligalig.
- Sinumang estudyante o magulang na may alam na ibang estudyante na nangliligalig o gumagawa ng pananakot ay kailangang isumbong niya ito sa administrador ng paaralan.

Ipinangangako ng HSDOE na gagawin nito agad ang imbestigasyon. Mabibigyan ng suporta, gabay, at tulong sa pag-aaral ang mga estudyante na biktima ng panliligalig, at kasama na rin na mabibigyan ng ganitong tulong ang mga estudyanteng nanliligalig batay sa lahi, kasarian, edad, kulay ng kutis, bansang pinanggalingan, relihiyon, o kapansanan. Ang mga estudyanteng matuklasan na gumagawa ng panliligalig ay maaaring madisiplinahan, at kung kinakailangan, ay masuspensio o mapaalis sa paaralan. Kailangang magtulungan ang mga estudyante, mga magulang, at mga empleyado ng HSDOE upang matigil ang panliligalig batay sa lahi, kasarian, edad, kulay ng kutis, bansang pinanggalingan, relihiyon, o kapansanan.

Hindi pinahihintulutan ng HSDOE ang anumang retalyasyon sa mga nagsusumbong tungkol sa panliligalig o intimidasyon batay sa lahi, kasarian,

edad, kulay ng kutis, bansang pinanggalingan, relihiyon, o kapansanan, at gagawin nito ang lahat upang mabigyan ng proteksyon ang mga gustong magsumbong.

Maaring magsumbong sa:

Director

Civil Rights Compliance Office

Hawaii State Department of Education

P.O. Box 2360

Honolulu, Hawaii 96804

(808) 586-3322 o telepono para sa mga may diperensiya sa pandinig o pananalita